



# Epidural anesthesia habang at pagkatapos ng operasyon

Ipinapaliwanag sa leaflet na ito kung ano ang dapat asahan kung pipilin mong magpa-epidural para pampawi ng kirot habang at pakatapos ng operasyon. Ito ay isinulat sa pagtutulungan ng mga anesthetist, pasyente, at kinatawan ng mga pasyente.

## Introduksiyon

Ipinapaliwanag ng leaflet na ito:

- kung ano ang epidural
- kailan ito ginagamit
- bakit maaaring may pakinabang ito para sa iyong operasyon
- paano ito tumatalab at ano ang maaari mong asahan
- panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon.

## Ano ang epidural?

Ang epidural ay isang uri ng regional anesthetic kung saan pinapasok ang isang manipis at nababaluktot na tubo (catheter) sa iyong likod, at maaaring ibigay doon ang mga local anesthetic at gamot na pampawi ng kirot. Kadalasan itong ginagamit para pampawi ng kirot kapag nanganganak.

Maaari itong gamitin bilang anesthetic habang may operasyon (meron man o walang general anesthetic) o para sa pain management pagkatapos ng operasyon, o pareho.

Ang catheter ay maaaring manatili sa iyong likod pagkatapos ng operasyon at maaari itong gamitin para madagdagan ang iyong pampawi ng kirot, manu-mano o gamit ang automatic pump. Ang ilang epidural pump ay mayroon ding push button para maibigay mo ang pampawi ng kirot sa iyong sarili. Itong mga pump ay may mga safety limit na nakaprograma para mabawasan ang pagkakataon na labis mong magbigyan ang sarili ng gamot na pampawi ng kirot, at ang healthcare team ay regular na magsusuri sa iyo.

Ang epidural ay kadalasang ginagamit ng mag-isa o may kasamang general anesthetic para sa iba't ibang uri ng operasyon, halimbawa, operasyon sa kanser (lalo na ang kanser sa baga) at operasyon sa urology (halimbawa, mga bato at pantog).

## Ano ang mga benepisyo ng epidural?

Para sa ilang operasyon, nagbibigay ang epidural ng mas mabisang pampawi ng kirot kaysa sa mga ibang paraan, lalo na kapag huminga ka ng malalim, umubo, o gumalaw sa higaan.

Ang mga ibang paraan ng pampawi ng kirot ay gumagamit ng morphine o kahalintulad na gamot (opioids). Ang mga ito ay matatapang na gamot na pampawi ng kirot, ngunit ito ay maaaring magdulot ng mga side effect, kabilang ang pagduduwal, pagkaantok, pagtitibi, at pagka-adik (kung gagamitin sa loob ng mahabang panahon). May ilang tao na nakaranas ng pagkalito kapag ang morphine ay ibinibigay para pampawi ng kirot.

Mayroon ding ilang ebidensiya na ang magpa-epidural ay nakakabawas ng mga komplikasyon mula sa operasyon, kabilang ang nabawasang panganib sa pamumuo ng dugo sa baga o mga binti, impeksiyon sa baga, at ang pangangailangan sa pagsasalin ng dugo.

## Maaari bang magpa-epidural ang sinuman?

Naaangkop lna magpa-epidural para lang sa ilang operasyon, at para sa ilang pasyente, hindi ito posible. Ito ay tatalakayin sa iyo ng iyong anesthetist kung kinakailangan. Ang epidural ay maaaring hindi posible para sa iyo kung:

- umiinom ka ng mga gamot na pampalabnaw ng dugo, tulad ng warfarin
- hindi namumuo ang dugo mo ng maayos
- may allergy ka sa local anesthetic
- mayroon kang matinding depekto sa gulugod
- mayroon kang impeksiyon sa iyong likod
- dati kang nagkaroon ng operasyon sa gulugod na may inilagay na mga bakal sa iyong likod.

## Paano isinasagawa ang epidural?

Ang mga epidural ay maaaring ilagay:

- kapag ganap kang gising
- may kasamang sedation (mga gamot na nagpapaantok sa iyo at nagpapakalma).

Tatalakayin ng iyong anesthetist kung anong paraan ang pinakamabuti para sa iyo. Kadalasan, ang mga hakbang para sa pagkakaroon ng epidural ay:

- ang anesthetist o assistant ang magkokonekta ng mga monitor para sukatin ang iyong heart rate, presyon ang dugo, mga antas ng oxygen, at anumang kagamitan na kailangan.
- inilalagay ang cannula (drip) sa ugat sa ng iyong braso para sa pagbibigay ng likido
- hihilingin sa iyo na umupo o humiga ng patagilid. Ikaw ay
- tutulongang yumuko ng paharap, ipapabaluktot ang iyong likod hangga't kaya - tingnan sa itaas

- lilinin ng anesthetist ang iyong likod gamit ang antiseptic
- magbibigay ng kaunting iniksiyon ng local anesthetic para mamahid ang balat
- gagamit ng karayom para maipasok ang catheter sa iyong likod. Tatanggalin ang karayom, iiwanan lang ang catheter sa lugar, at pananatilihin gamit ang tape. Maaaring kailangan itong gawin ng ilang beses para sa ilang kaso.
- kadalasang ipinapasok ang urinary catheter para mapalabas ang ihi sa iyong pantog kapag nagpa-epidural. Maaaring higit pang talakayin ito ng iyong anesthetist sa iyo.

## Ano ang pakiramdam nito?

Ang pag-iniksiyon ng local anesthetic sa balat ay maaaring kumirok ng bahagya. Pagkatapos ay makakaramdam ng pagtulak, pero kadalasan ay hindi hihigit ang kirot habang ipinapasok ang karayom at catheter.

Paminsan-minsan, may matinding mararamdaman, na parang kinuryente. Kung mangyari ito, mapapansin ito ng iyong anesthetist, pero dapat mong ipaalam din sa kanila. Maaari kang tanungin nila kung saan mo ito naramdaman.

Makakaranas ka ng unti-unting init at pamamahid pagkatapos maibigay ang local anesthetic sa catheter. Sa ilang uri ng epidural, maaaring maranasan ang pagbigat ng iyong mga binti at mahirapang galawin. Ito ay normal.

Kadalasan, hindi itinuturing ng karamihan ng tao na hindi kanais-nais ang mga pakiramdam na ito. Babalik sa normal ang pakiramdam at paggalaw kapag itinigil ang epidural. Sa ilang kaso, maaaring kailangang gawin ng ilang beses para mailagay ang epidural catheter sa tamang posisyon.

## Ang klinikang nagsusuri bago ang operasyon (pre-assessment)

Kung mayroon kang nakaplanong operasyon, maaari kang maimbitahan ilang linggo o araw bago ang iyong operasyon sa klinikang nagsusuri bago ang operasyon. Minsan, para sa mas minor surgery, may nars na magsasagawa ng tawag sa telepono para pasagutin ka ng ilang katanungan.

Mangyaring dalhin mo ang mga sumusunod:

- listahan ng iyong kasalukuyang mga gamot o dalhin mo ang iyong mga gamot na nasa buong packaging
- Kung ikaw ay umiinom ng anumang gamot na pampalabnaw ng dugo, mahalagang malaman ito ng pre-assessment team at matalakay kung kailangan mong itigil ang pag-inom ng mga nasabing gamot bago ang iyong operasyon
- anumang impormasyong mayroon ka tungkol sa mga pagsusuri at gamutan na natanggap mo sa ibang ospital
- impormasyon tungkol sa anumang problema na maaaring mayroon ka o ang iyong pamilya sa mga anesthetic
- anumang kamakailang sukat ng presyon ng dugo.

Maaari kang makipagkita sa anesthetist sa klinika. Kung hindi man, magkikita kayo ng anesthetist sa mismong araw ng iyong operasyon sa ospital.

## **Panganib at pinagsamang paggawa ng desisyon**

Ligtas ang mga makabagong anesthetic. May ilang karaniwang side effect mula sa mga gamot ng anesthetic o sa ginamit na kagamitan, na kadalasan ay hindi seryoso o pangmatagalan ang epekto. Magkakaiba ang mga panganib sa bawat indibidwal at ito ay depende sa proseso at pamamaraan na ginamit sa pagbigay ng anesthetic.

Mayroong ilang karaniwang panganib na nauugnay sa mga epidural, kabilang ang:

- mababang presyon ng dugo
- hirap sa pag-ihi
- makating balat
- masama ang pakiramdam
- pananakit ng ulo.

Sa mga bihirang kaso, maaaring magdulot ng pinsala sa ugat ang mga epidural na maaaring pansamantala o permanente.

Tatalakayin sa iyo ng iyong anesthetist ang mga panganib na sa palagay niya ay mas mahalaga para sa iyo. Tatalakayin lang nila ang mga hindi karaniwang panganib kung makakaapekto ang mga ito sa iyo.

Kung nais mong basahin ang karagdagang detalye tungkol sa mga panganib na kaugnay sa anesthesia, mangyaring bisitahin ang:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risk](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risk)

## **Pinagsamang paggawa ng desisyon**

Ang pinagsamang paggawa ng desisyon ay nagbibigay ng kasiguraduhan na ang mga indibidwal ay nasusuportahan sa mga desisyon na tama para sa kanila. Ito ay proseso ng pagtutulungan kung saan susuportahan ng clinician ang pasyente na makapagdesisyon sa kanyang gamutan.

Ang pag-uusap ay pinagsasama-sama:

- ang kasanayan ng clinician, tulad ng mga opsyon sa gamutan, ebidensya, panganib at benepisyo
- ang alam ng pasyente na mas makakabuti: ang kanyang mga kagustuhan, personal na kalagayan, layunin, pinahahalagahan, at paniniwala.

Alamin ang karagdagang impormasyon sa:

[www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making](http://www.england.nhs.uk/personalisedcare/shared-decision-making)

Narito ang ilang tool na maaari mong gamitin para mas maunawaan ang diskusyon na kasama ang iyong anesthetist o preoperative assessment staff:

## **Choosing Wisely UK BRAN framework**

Gamitin ito bilang paalala na magtanong tungkol sa gamutan.

[https://bit.ly/CWUK\\_leaflet](https://bit.ly/CWUK_leaflet)

## **Mayroong tatlong tanong ang NHS**

Maaaring mayroong mga pagpipilian tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan.

[https://bit.ly/NHS\\_A3Qs](https://bit.ly/NHS_A3Qs)

## **Ang Centre for Perioperative Care (CPOC)**

Ang CPOC ay gumawa ng animation para ipaliwanag ang pinagsamang paggawa ng desisyon.

[www.cpoc.org.uk/shared-decision-making](http://www.cpoc.org.uk/shared-decision-making)

## **Mga tanong na maaaring gusto mong alamin**

Kung may mga katanungan sa iyong anesthetic, isulat ang mga ito (maaari mong gamitin ang mga halimbawa sa ibaba at idagdag ang sariling tanong sa espasyo sa ibaba). Kung nais mong makipag-usap sa anesthesiologist bago ang araw ng iyong operasyon, makipag-ugnayan sa preoperative assessment team na maaaring mag-ayos para makausap mo ang anesthesiologist sa telepono o makita sila sa isang klinika.

- 1. Bakit mo inirerekomenda ang epidural para sa akin?**
- 2. Ano ang mga pakinabang at hindi magandang maidudulot ng epidural sa akin?**
- 3. Ano naman ang mga alternatibo?**

## Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito ([www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Sabihin sa amin kung ano ang iyong iniisip

Kung mayroon kang anumang pangkalahatang komento, mangyaring i-email ang mga ito sa: [patientinformation@rcoa.ac.uk](mailto:patientinformation@rcoa.ac.uk)

### Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG  
020 7092 1500

[www.rcoa.ac.uk](http://www.rcoa.ac.uk)

## Ikaanim na Edisyon, Hunyo 2023

Susuriin ang leaflet na ito sa loob ng tatlong taon mula sa araw ng paglathala.

### © 2023 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang leaflet na ito kung ang layunin ay ang paggawa ng mga materyales ng impormasyon para sa pasyente. Paki-quote itong orihinal na pinagmulan. Kung may bahagi ng leaflet na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan, at icon. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.